OFFICIAL STATEMENT
IRRIGATION DAMS IN GEN. TRIAS

By: Municipal Information Office │Office of the Municipal Mayor

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat ang hagupit ng Bagyong Milenyo noong September 2006. Kung saan isa ang Bayan ng General Trias sa lubhang naapektuhan nito. Bumaha sa halos lahat ng barangay na nasasakupan nito, maraming buhay ang nawala at pag-aari at mga pananim na nasira.

Maging ang mga karatig bayan ng Tanza, Rosario, Noveleta at Kawit ay hindi nakaligtas sa pagbaha bunga ng pagtaas ng tubig sa mga ilog at dagat. Dahil sa pangyayaring ito, nabuo ang haka-haka sa isipan ng mga tao na ang posibleng pagbubukas ng DAM sa General Trias ang dahilan ng pagbaha rito at sa mga karatig bayan.

Ngunit, muli naming sasabihin na **WALANG DAM NA BINUBUKSAN AT HINDI NAGPAPAKAWALA NG TUBIG SA GENERAL TRIAS.**

Ang mga dam na sinasabi po na nasa San Francisco at Prinza ay mga Open Dam na ginagamit lamang sa irigasyon o patubig sa pananim. At hindi magiging dahilan sa anumang pagtaas ng tubig o pagbabaha sa tuwing sasapit ang matinding bugso ng ulan at bagyo.

Para sa anumang katanungan hinggil dito, bukas ang Office of the Mayor, Municipal Information Office at Municipal Disaster Coordinating Council upang sagutin at magbigay linaw sa usaping ito Maaari ring tumawag sa mga numerong ito:

Office of the Mayor – (046) 509 1250

Municipal Information Office – (0923) 375 9845
Jhem M. Fauni, Municipal Information officer

Municipal Disaster Coordinating Council – (0923) 454 3533

Salamat po!